Pag-usapan natin ang tungkol sa

# Mga Will

Para malaman ang higit pa tungkol sa Wills (Mga Huling Habilin), mga serbisyo ng executor (tagapagpatupad), o para mag-book ng appointment, maaari kang:

**1300 360 044**

**www.pt.qld.gov.au**

## Ano ang isang Will?

Ang Will ay isang ligal na dokumento na nagsasaad ng iyong mga ninanais, kabilang kung paano mo gustong hatiin ang mga bagay na pag-aari mo, at kung kanino mo gustong mapunta ang mga ito. Maaari mo ring ibigay ang pangalan ng tao na gusto mong magsagawa ng mga tagubilin sa iyong Will, kilala bilang iyong executor (tagapagpatupad)

## Bakit ko kailangan ng Will?

Ang pagpapabatid ng iyong mga ninanais sa pamamagitan ng paglikha o pag-update ng iyong Will ay titiyak na may umiiral kang mga plano na kailangan sa hinaharap para sa pangangalaga ng iyong pamilya at mga mahal sa buhay. Kung wala kang Will, hindi mo masasabi kung paano mo gustong paghati-hatiin ang iyong mga ari-arian.



## Ano ang mangyayari kung mamatay ako nang walang Will?

Ang mamatay nang walang Will ay tinatawag na namatay intestate. Sa Queensland, kung ikaw ay namatay intestate, ang iyong mga ari-arian (tinatawag na iyong estate) ay hahatiin ayon sa *Succession Act 1981*.

**Maaari itong mangahulugan na:**

- Hindi ka makakapagsabi kung sino ang makikinabang sa iyong estate
- Ang halaga ng pagsasaayos ng iyong estate ay maaaring maging mas malaki pa kaysa kung sumulat ka ng Will
- Maaaring magtagal ang paghahati-hati ng iyong estate
- Maglalagay ka ng karagdagang pabigat sa iyong mga mahal sa buhay sa panahon ng pagdadalamhati at pangungulila dahil, kapag ikaw ay namatay, may mga partikular na hakbang na kakailanganing gawin para asikasuhin ang iyong pananalapi. Halimbawa, isang grant of probate (ang ligal na awtoridad para pangasiwaan ng isang tao ang iyong estate) ang kailangang kunin mula sa Supreme Court.

## Kailan ako dapat gumawa o mag-update ng aking Will?

Ang Will ay dapat maging bahagi ng mga yugto sa iyong buhay. Sa pagbabago ng iyong buhay, dapat ding magbago at ma-update ang iyong Will upang salaminin ang mga pagbabagong iyon.

**Maaaring kabilang sa mga mahahalagang yugto ng buhay ang:**

- ☐ pagsilang ng isang anak o apo
- ☐ kasal, paghihiwalay o diborsyo
- ☐ pagpasok sa isang sibil na pagsasama
- ☐ pagkamatay ng asawa, partner o executor
- ☐ pagretiro
- ☐ paglipat ng tirahan (paglipat sa ibang estado o bansa)
- ☐ mahalagang mga pagbabago sa iyong mga ari-arian o pananalapi

## Ano ang dapat kong isaalang-alang kapag gumagawa ng aking Will?

Mahalaga na ipahayag mo nang malinaw ang iyong mga binabalak upang mabawasan ang tsansa ng anumang hindi pagkakasundo tungkol sa iyong mga ninanais.

**Kabilang sa ilang mahahalagang bagay na dapat isaalang-alang kapag gumagawa ka ng iyong Will ang:**

- ☐ Sino ang gusto mong hirangin bilang iyong executor (ang tao na magsasagawa ng mga tagubilin sa iyong Will)
- ☐ Ang paghirang ng isang guardian upang mangalaga sa mga bata na wala pang 18 taong gulang
- ☐ Kung kailangan ng Trust Fund upang pangalagaan ang mga bata o mga mahal sa buhay
- ☐ Mga bagay na pinapahalagahan gaya ng propyedad o mga gamit na pinagnunuan ng pamilya (family heirlooms) na gusto mong ipasa
- ☐ Pagdedetalye ng iyong mga ari-arian at paghirang sa mga tao na gusto mong tumanggap ng mga ito
- ☐ Kung gusto mong mag-iwan ng pera sa isang charity o sa isang sanhi na malapit sa iyong puso
- ☐ Mga kumplikadong sitwasyon — gaya ng naunang kasal o diborsyo, mga self-managed superannuation fund at ang mga espesyal na pangangailangan ng mga magmamana.

## Paano ako gagawa ng Will? **Ang paggawa ng iyong Will ay maaaring madali lamang nang may kaunting paghahanda:**

- Makipag-appointment sa isang propesyonal sa succession law / abogado
- Maglista ng lahat ng iyong mga ari-arian at heirloom
- Pumili ng executor
- Tiyakin na mayroon ka ng angkop na pagkakakilanlan kapag gumagawa ng iyong Will
  - Lisensya sa pagmamaneho
  - Pasaporte
  - Card na ebidensya ng edad ng husto sa gulang sa Queensland

Kapag nagawa mo na ang iyong Will, kausapin ang iyong pamilya tungkol sa mga kaayusang iyong ginawa at kung saan nakatago ang iyong Will. Maaaring gustuhin mo na itago ang Will sa isang ligtas na lugar sa bahay o ipatago ito sa iyong abogado. Kung gagawin mo ang iyong Will sa Queensland Public Trustee, maaari itong imbakin nang ligtas sa aming bago at modernong Wills Bunker.

## Ano ang isang executor?

Ang iyong executor ay responsable sa pangangasiwa at paghahati-hati ng iyong estate pagkamatay mo. Maraming trabahong kasangkot, kaya mahalagang pumili ka ng isang tao na kaya at handang magsagawa ng mga tungkulin sa *Succession Act 1981*.

**Maaaring kabilang sa ilan sa mga ito ang:**

- Pagkuha ng probate mula sa Supreme Court ng Queensland
- Paghanap at pag-abiso sa mga tagapagmana
- Pagtiyak na may angkop na insurance para sa mga ari-arian
- Pagtukoy ng mga utang at pananagutan
- Panghuling pagsasaayos ng mga bagay tungkol sa buwis
- Paghahati-hati ng estate
- Pagbibigay ng accounting sa mga tagapagmana
- Pagtatanggol ng anumang ligal na aksyon laban sa iyong estate

## Bakit dapat akong gumamit ng isang propesyonal?

Ang Will ay dapat lagdaan at saksihan nang wasto upang maging ligal na balido. Habang mayroong mga do-it-yourself Will kit, mas ligtas na kumuha ng isang propesyonal para gumawa ng iyong Will upang matiyak na gagawin ito nang wasto at naaangkop para sa iyong mga pangangailangan..

Inirerekomenda namin na ang lahat ay kumuha ng propesyonal na payo upang kayo ay makagawa ng may-kaalamang pagpapasya tungkol sa inyong indibidwal na mga sirkumstansya. Maaari itong gawin sa pamamagitan ng isang lokal na abogado, isang ligal na kumpanya na dalubhasa sa succession law o ng Queensland Public Trustee.

Let's-talk-about-Wills-factsheet-2PP-v1-Tagolog-December-2025